Balitang Manmin

BILANG 118 OKTUBRE 19, 2014

# Binigyan ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang mga Magtatanghal!

## Hinuhubog ng Komite ng Sining ang mga kabataang magtatanghal



Nakakapagbigay ng pagtatanghal na puno ng inspirasyon sa mga okasyon ng iglesya ang Komite ng Sining ng Manmin Central Church, kasama dito ang mga krusada sa ibang bansa, mga seminar para sa mga pastor, mga pulong na may panyong nakakapagpagaling, Mahal na Araw, anibersaryo ng iglesya, at Pasko. Nagsimula sila ng bagong henerasyon ng kultura ng pagtatanghal ng mga Cristiano. (Litrato: Sweet Rain Chorus, Miracle Junior, Manmin Korean Traditional Music Team, Beautiful Aroma Dance Team, Aurora Worship Dance Team, Clear Sound Chorus)

Ang Komite ng Sining ng Manmin Central Church na pinamumunuan ni Rev. Heejin Lee ay naghahanda para sa pagtatanghal sa ika-32 anibersaryo at pagdiriwang. Ang pagtatanghal ay pinamagatang "Ang Kastilyo ng Pastol sa Bagong Jerusalem", at "Paanyaya".

Ang mga manganganta, mananayaw, at ang Nissi Orchestra ng komite ay magbibigay ng napakagagandang pagtatanghal sa entablado na may mga awiting mula sa Diyos. Lalagyan ang entablado ng disenyong magpapakita ng napakarilag na lunsod ng Bagong Jerusalem.

Bawat taon, ang mga pagtatanghal nila ng magagandang awitin para sa Diyos at iba't ibang palabas ay tumatanggap ng masigabong papuri at palakpak mula sa mga panauhin sa loob at labas ng Korea, at mga miyembro ng iglesya.

Nakapag-ambag sila sa pagbabahagi ng ebanghelyo at pagmimisyon sa buong mundo. Itinanghal nila ang tradisyunal na sayaw ng Korea at ng ibang bansa at naghandog sila ng mga papuri sa iba't ibang wika sa harap ng daan-daan, libu-libo, at milyung-milyong tao sa mga krusada ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee tulad ng idinaos sa Estados Unidos, India, Kenya, at Israel.

Ang komite ay binubuo ng: limang choirs – ang Immanuel, Shalom, Nazareth, Golden Light, at White Stone; Nissi Orchestra; 25 grupo ng mga nagtatanghal; at mga soloista. Lahat-lahat, mahigit sa 1,000 miyembro ng iglesya ang bumubuo ng komite.

Boluntaryong sumali ang mga miyembro ng komite para luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga talento. Nakalikha sila ng mga magagandang palabas dahil sa kapangyarihan ng Espiritu.

Lumago ang mga espiritu nila at mas naging mahusay, maraming salamat sa panalangin at suporta ni Dr. Lee. At sa pagsisikap na mas maging magaling pa, nag-aalok na rin sila ng mga programa para sa pagsasanay at pagtuturo ng mga bata. Ito ay sa pakikipagtulungan nila sa Manmin Kindergarten. Nagtuturo din sila sa mga pagtatanghal ng mga estudyante kaya nagkakaroon ng maraming mahuhusay at parang mga propesyunal na mga nagtatanghal. Makakatulong ang mga ito sa ministeryo sa hinaharap.

May mga grupo din ang mga estudyante, tulad ng Sweet Rain Chorus, Clear Sound Chorus, Beautiful Aroma Dance Team, Aurora Worship Dance Team, Miracle Junior (grupong tumutugtog ng mga instrumento), at Manmin Korean Traditional Music Team. Nakapagtanghal na sila ng mga magagandang palabas na may dalisay at mabangong samyo para sa Diyos sa mga pagsamba.

Sinabi ni Kapatid Yejin Jeon, 15 taong gulang, ng Manmin Korean Traditional Music Team, "Masaya ako sa nabalitaan ko na natuwa ang mga miyembro ng iglesya sa pagpapalang nakuha nila sa pagtatanghal namin. Pero sa palagay ko, dapat akong mas magsanay pa para mapagbuti ko ang talento ko. Gusto kong makatulong sa aking Punong Pastor sa paghahatid ng pag-ibig ng Panginoon sa panahon ng Santuwaryo ng Canaan."

Ayon naman kay Kapatid Soohyun Shin, 18 taong gulang, ng Clear Sound Chorus, "Masayang-masaya ako pagkatapos mag-ensayo ng buong lakas at habang naghahandog sa Diyos ng mga espesyal na papuri sa pulpito. Inihahanda ko ang espiritu at katawan ko para luwalhatiin ang Diyos at buksan ang mga puso at kaluluwa sa mga okasyon ng iglesya sa buong Korea at mga krusada sa ibang bansa sa pamamagitan ng mga papuri."

Isa-isa silang nag-aaral ng pagkanta at pagsayaw, may kasama rin itong pag-aaral tungkol sa teorya ng musika. Natututo silang magtanghal bilang grupo sa mga pagsasanay, at nakakakuha sila ng karanasan sa pagtatanghal sa pulpito sa mga pagsamba. Ang iba pang mga miyembro ng grupo, mga naglilingkod na tagapagtanghal bilang propesyon, ay binibigyan ng may sistema at puspusang pagsasanay para sa mas ikalalago ng talento nila.

Nag-aaral ng chords, pagbasa ng nota, pag-aaral ng musika at pagkanta sa pamamagitan ng pakikinig, pagtugtug ng piano at pagkanta ang mga miyembro ng grupo ng mang-aawit ng papuri. Nag-aaral sila ng tradisyonal na sayaw ng Korea, jazz, ballet, moderno at iba pang klaseng mga sayaw. Sila ay sinasanay ng mga propesyunal na guro. Nag-aaral din sila ng yoga, acrobatics, at rhythmic gymnastics.

Sinabi ni Diakonesa Jin Lee, 40 taong gulang, tagapamahala ng Komite ng Sining, "Ipapakita ng Komite ng Sining sa buong mundo ang banal at magandang pagtatanghal ng Manmin. Magsasanay ito ng pinakamahuhusay na magtatanghal para sa pagsisimula ng pang-buong mundong kultura ng pagtatanghal ng mga Cristiano. Nakatakda din kaming magkaroon ng maaliwalas at kumpletong pasilidad para sa pagsasanay. Umaasa kami na ang mga pinakamagagaling na magtatanghal na nagsanay sa komite – ang mga magiging guro, ay magpapakalat sa mundo ng pinakamahusay na pagtatanghal ng mga Cristiano."

May aasahan kayong malaki sa Komite ng Sining ng Manmin sa hinaharap. Gagawin nilang dalisay ang mundo ng pagtatanghal na puno ng kasalanan at kadiliman, at ihahatid nila ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon.

# Ang Talinhaga ng Sampung Mina



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Sinabi nga Niya [Jesus], 'Isang maharlikang tao ang pumunta sa isang malayong lupain, upang tumanggap ng isang kaharian at pagkatapos ay bumalik. Tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin at binigyan sila ng sampung mina, at sinabi sa kanila, 'Ipangalakal ninyo ito hanggang sa ako'y dumating.'" (Lucas 19:12-13)

Gumamit ng talinhaga si Jesus sa mga mensahe Niya sa mga tao. Sa pamamagitan ng mga talinhaga, itinuro Niya ang mga bagay na hindi nalaman magmula nang itatag ang mundo.

Kasama sa mga ito ang dalawang talinhagang inaakala ng mga tao na magkapareho: ang talinhaga ng sampung mina at ang talinhaga ng mga talento. Bawat isa sa dalawang ito ay mayroong espirituwal na kahulugan. Sinasabi sa atin ng talinhaga tungkol sa mga talento na makakamit natin ang pagkilala at pagtanggap ng Panginoon kung mahusay tayo sa pagtupad ng ating mga tungkulin sa pamamagitan ng mga espirituwal na talentong ibinigay Niya sa atin. Pag-aralan natin ang talinhaga ng sampung mina (Lucas 19:11-27).

### 1. Ang espirituwal na kahulugan ng sampung mina

Mababasa sa Lucas 19:12, "Sinabi nga Niya [Jesus], 'Isang maharlikang tao ang pumunta sa isang malayong lupain, upang tumanggap ng isang kaharian at pagkatapos ay bumalik.'" Tinutukoy ni Jesus ang sarili bilang 'maharlikang tao' sa talinhagang ito. Sa katunayan, kahit bumaba Siya dito sa mundo bilang tao, Siya ay Anak ng Diyos na nabuhay sa anyo ng Diyos. Kahit napakamakapangyarihan o napakayaman ng iba, walang hihigit sa karangalan Niya.

Ginamit Niya ang mga salitang 'maharlikang tao' at hindi ang 'Tagapagligtas', dahil noong panahong iyon, hindi pa Niya natutupad ang kalooban ng Diyos sa krus.

Kahit wala Siyang kasalanan, ipinako Siya sa krus na kahoy para maligtas ang lahat ng tao. Sa pangatlong araw, napagtagumpayan Niya ang kamatayan, muli Siyang nabuhay. Nagawa Niya ang tungkulin Niya bilang Tagapagligtas, umakyat Siya sa langit para ihanda ang mga tirahan ng mga mananampalataya.

Sinasabi ng unang bahagi ng Lucas 19:13, "Tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin at binigyan sila ng sampung mina..." Ang halaga ng isang mina ay may 1/60 ng isang talento. Dito, sinisimbulo ng mina ang Banal na Espiritu. Tulad ng pagtanggap ng sampung mina ng bawat alipin, kapag tumanggap kay Jesus bilang Panginoon ang tao, bawat isa sa kanila ay tatanggap ng Espiritu, walang pagtatangi. Sa talinhaga naman ng mga talento, may mga tumanggap ng dalawang talento, ang iba naman ay lima, ito ay ayon sa kanilang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig – ang espirituwal na mga talento. Tig-iisang mina ang bawat isa, walang nakakalamang.

Pagkatapos magbigay ng sampung mina sa mga alipin, pumunta ang maharlikang tao sa malayong bayan upang tumanggap ng isang kaharian. Gayon pa man, sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, umakyat muna sa langit ang Panginoon, pagkatapos ipinadala ang Banal na Espiritu sa mga mananampalataya. Nabaliktad ang mga pangyayari, pero may kasama ring espirituwal na layunin dito.

Sa talinhaga, ibinigay ang sampung mina ng maharlikang tao, pumunta sa malayong bansa upang tumanggap ng isang kaharian. Ang kahulugan nito dito ay pupunta si Jesus sa 'isang bansa' para ibalik ang kapangyarihan ng mga mananampalataya sa kaharian, hindi para makuhang muli ang kapangyarihan Niya dito. May kapangyarihan na Siya sa kaharian dahil nabuhay na Siyang muli. Gayon pa man, dito sa mundo, wala pang kapangyarihan ang mga mananampalataya sa kaharian. Dapat silang mabigyan ng panahon para mabawi ang wangis ng Diyos sa pamamagitan ng pangangalaga ng sangkatauhan habang nabubuhay dito sa mundong pinamamahalaan ni Satanas. Ang maharlikang kapangyarihan nila ay ibabalik pagkatapos ng pangangalaga ng sangkatauhan kapag bumalik si Jesus sa papawirin.

### 2. "Ipangalakal ninyo ito hanggang sa Ako'y dumating"

Sinabi ni Jesus sa pangalawang bahagi ng Lucas 19:13, "Ipangalakal ninyo ito hanggang sa Ako'y dumating." Sinabi Niya sa atin na 'lumago' sa tulong ng Banal na Espiritu hanggang sa pagbalik Niya.

Mababasa sa Mateo 13:44, "Ang kaharian ng langit ay tulad ng nakatagong kayamanan sa isang bukid; na natagpuan ng isang tao, at tinabunan niya ito. Sa kanyang kagalakan ay umalis siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang bukid na iyon." Ang tinutukoy na 'ang lahat ng ari-arian' dito ay mga bagay na galing sa laman tulad ng pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay. Kung 'ipagbibili' o iwawaksi natin ang mga makalaman na bagay, magkakaroon tayo ng mas mabuting 'lupa' sa ating puso. Kahit na ano ang itanim natin dito, magbubunga ng masagana. Higit pa dito, kung pupunuin natin ito ng mga espirituwal na bagay, makakapasok tayo sa mas mabuting tirahan sa Langit.

Ang pagwaksi ng laman at pagiging espirituwal ay 'pangangalakal' sa espirituwal na diwa. Tumutulong ang Banal na Espiritu sa mga anak ng Diyos para magampanan nila ng mabuti ang pangangalakal na ito. Tumutulong ang Banal na Espiritu para makita natin ang mga kasalanan natin at maiwaksi ang mga ito kapag nanalangin tayo (Juan 16:8; Mga Taga-Roma 8:26).

Sa madaling salita, ang 'pangangalakal ng mina', na ang kahulugan ay 'pagpapalago kasama ang Banal na Espiritu', ay nangangahulugang pagwawaksi ng makasalanang likas at laman mula sa puso at pangangalaga ng puso patungo sa pagiging espirituwal sa tulong ng Espiritu. Sa paraang ito mababawi ang wangis ng Diyos.

### 3. Babayaran tayo ng Diyos ayon sa ginawa natin

Bumalik ang taong maharlika pagkatapos tanggapin ang kaharian. Tinawag ang mga alipin para malaman kung anong pangangalakal ang ginawa nila (Lucas 19:15-19). Dumating ang una, sinabing, "Panginoon, tumubo ang iyong mina ng sampung mina pa." Pinuri niya ito at binigyan ng kapangyarihan sa sampung lunsod. Dumating ang pangalawa, sinabing, "Panginoon, ang iyong mina ay tumubo ng limang mina." At binigyan ito ng kapangyarihan sa limang lunsod, hindi ito pinuri.

Tingnan natin kung anong kahulugan ng bawat situwasyon: tumubo ng sampung mina at limang mina. Kung tumubo ng sampung mina ang isang tao, naiwaksi niya ang lahat ng pagkilos ng laman at ang lahat ng bagay na makalaman sa tulong ng Banal na Espiritu. Napabanal siya. Pinuri siya ng Diyos at binigyan ng kapangyarihan sa sampung lunsod.

Sinisimbulo ng 'sampu' ang sukat ng kanyang tirahan sa langit. Ang isang taong tumubo ng sampung mina (isang taong napabanal) ay pwedeng pumasok sa pangatlong kaharian ng langit. Kung naging tapat din siya sa lahat ng aspeto, pwede din siyang pumasok sa Bagong Jerusalem na nasa gitna ng pangatlong kaharian ng langit.

Ngayon, sa taong tumubo ng limang mina, ibinigay ang kapangyarihang mamuno sa limang lunsod. Ang aliping ito ay sumisimbulo sa mga taong nagsasabuhay ng Salita ng Diyos na mahigit sa 50%.

May isa pang dumating, sinasabing, "Panginoon, narito ang iyong mina na aking itinago sa isang panyo" (Lucas 19:20). Sinabi niyang itinago niya ang mina at hindi nangalakal dahil natatakot siya sa pagiging mahigpit ng taong maharlika. Pinagwikaan siya ng taong maharlika, sinabing, "Hinahatulan kita mula sa sarili mong bibig, ikaw na masamang alipin. Alam mo na ako'y taong mahigpit, na kumukuha ng hindi ko itinabi, at gumagapas ng hindi ko inihasik?" (Lucas 19:22)

Ang aliping ito ay sumisimbulo sa masasamang tao na hindi nagwawaksi ng mga kasalanan ni lumalaban sa mga ito kahit tinanggap nila ang Banal na Espiritu. Ginagawa nila ang mga gawain ng laman at sinusunod ang mga bagay ng laman. May mga maling paniniwala din sila tungkol sa Diyos. Iniisip nila na dapat katakutan ang Diyos o gusto ng Diyos na magparusa sa mga tao. Kapag dumadaan sila sa kahirapan, sasabihin nilang sinasaktan sila ng Diyos.

### 4. Sa bawat mayroon ay higit pang marami ang ibibigay; subalit ang wala, pati ang nasa kanya ay kukunin

Sinabi ni Jesus sa mga taong nakapaligid na kunin ang mina mula sa alipin at ibigay ito sa taong may sampung mina. At sinabi Niya sa Lucas 19:26, "Sinasabi Ko sa inyo na sa bawat mayroon ay higit pang marami ang ibibigay; subalit ang wala, pati ang nasa kanya ay kukunin."

Kung iwawaksi natin ang lahat ng kasalanan at mapapabanal sa pamamagitan ng Espiritu, katulad tayo ng tumanggap ng isang mina at tumubo ng sampu. Naglilingkod tayo ng tapat para sa kaluwalhatian ng Diyos. Gugustuhin Niyang tuparin ang mga minimithi ng puso natin at bigyan tayo ng malalaking pagpapala. Sa kabilang banda, hindi pa rin magsisisi ang masasama kahit natututuhan nila ang tungkol sa kasalanan sa mga sermon. Huhusgahan nila ang tagapagsalita dahil iniisip nilang sinabi niya ang tungkol dito para mapahiya sila. Pansinin natin na kahit tinanggap na ninyo ang Espiritu, pero hindi ninyo sinusunod ang nais Niya, at sinusunod pa rin ninyo ang pagnanasa ng laman, mapapawi ang Banal na Espiritu na nasa inyo.

Sinabi ni Jesus sa Lucas 19:27, "Ngunit itong aking mga kaaway, na ayaw na ako'y maghari sa kanila, ay dalhin ninyo rito at patayin sila sa harapan ko." Sa panahon ni Jesus, may mga taong ayaw na maging Siya ang Tagapagligtas. Sa panahon ngayon, may mga tao pa ring hindi tumatanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas nila. Sila ay papatayin at magdurusa nang walang hanggan sa Impiyerno.

Samakatwid, kung pinagpala kayo na maligtas sa pagtitiwala kay Jesu-Cristo, magpasalamat kayo sa pag-ibig ng Diyos. Magpatuloy kayo sa 'pangangalakal' hanggang tumubo kayo ng mahigit sa sampung mina sa tulong ng Banal na Espiritu. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kung gagawin ninyo ito, magiging mga tunay at banal na mga anak kayo ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Lumalakad sa Tamang Daan ng may Katapatan

Sinasabi sa Mga Kawikaan 10:9, "Siyang lumalakad sa katapatan ay lumalakad ng tiwasay, ngunit ang sumisira ng kanyang mga lakad ay matutuklasan." Kung lumalakad kayo sa tamang daan ng may katapatan, sasamahan kayo ng Diyos at dadalhin kayo sa kapayapaan at pagpapala. Gayon pa man, kung lilihis kayo sa tamang daan, makikita ang mga kasalanan ninyo, magbibigay ito ng kahihiyan sa inyo. At mas malala, baka masangkot pa kayo sa masasamang gawain. Pag-aralan natin kung paano magkakaroon ng malinis na puso at kung paano mananatili sa tamang daan.

## Iwaksi ninyo ang pabagu-bagong isipan

Sa buong kasaysayan marami kayong makikitang tao na lumakad sa tamang daan. Hindi nagbago ng isipan ang karamihan sa kanila. Halimbawa, mayroong anim na martir na ministro sa Joseon Dynasty. Naglingkod sila kay Haring Danjong na tinanggal sa tungkulin ng tiyo niyang si Haring Sejo. Ang anim na ito ay pinatay ni Haring Sejo noong 1456 dahil pinagplanuhan nilang patayin ito para ibalik sa pwesto ang dating haring si Danjong. Hindi nagbago ang katapatan nila kay Haring Danjong at sa bansa hanggang sa kamatayan.

Maraming tapat na alipin at kababayan si Haring David kahit noong tinutugis siya ng anak niyang si Absalom. Pinili nilang sumama kay David, hindi nagbago ang katapatan nila kahit may bantang kamatayan. Iniligtas sila ng Diyos, pinagpala sila pati ang mga inapo nila.

Tulad ng sinasabi ng Mga Awit 106:3, "Mapalad silang sumusunod sa katarungan, na sa lahat ng panahon ay gumagawa ng katuwiran!" Kung hindi nagbabago ang paglakad ninyo sa katuwiran sa harapan ng Diyos, at isinasabuhay ang Salita Niya, pagpapalain kayo sa lahat ng bagay.

## Iwaksi ang hindi matatag na pag-iisip

Binabanggit ng Santiago 1:8 ang tungkol sa 'taong nagdadalawang isip, hindi matatag sa lahat ng kanyang mga lakad.' Papalit-palit at hindi makapagdesisyon ang mga taong tulad nito mula sa isang gawain at opinyon. Hindi nila nagagawa ang mga plano nila, bigla silang nagbabago. Parang tapat sila, pero taksil pala.

Sinabi ni Apostol Pablo sa 2 Kay Timoteo 4:10, "Sapagkat iniwan ako ni Demas, na umibig sa sanlibutang ito, at nagtungo sa Tesalonica..." Natutuhan ni Demas ang Salita ng Diyos at nakakita siya ng maraming tanda at himala sa mga ministeryo ni Apostol Pablo. Pero nagbago siya at iniwan si Pablo dahil mas mahal niya ang mundo. Sa bandang huli, tinalikuran niya ang Panginoon at tumiwalag sa kaligtasan.

Kung hindi matatag ang puso ninyo sa inyong mga lakad, may posibilidad na matukso kayo sa kamunduhan. Dapat ninyo itong iwaksi, pagsikapan ninyong huwag bumaling sa kaliwa o sa kanan para sa sariling pakinabang. Huwag kayong magtatangi. Maging matatag kayo sa ipinangako ninyo sa ibang tao at sa inyong sarili.

## Iwaksi ninyo ang paghahanap ng makasariling hangarin

Sinasabi ng Galacia 5:24, "At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang masamang pagnanasa at mga kahalayan nito." Sa madaling salita, hindi ninyo pwedeng sabihing na kay Cristo Jesus kayo hangga't hindi ninyo iwinawaksi ang makalaman na pagnanasa at kahalayan.

Paano kung may narinig kayong papuri tungkol sa inyo? Paano kung may nag-alok sa inyo ng isang bagay na gustung-gusto ninyo? Tatanggapin kaagad ng marami sa inyo ang sinabi at ang alok dahil parang maganda ito. Gayon pa man, kung matapat kayo, hindi ninyo basta tatanggapin ito kahit gusto ninyo para sa makasariling pakinabang. Kahit kawalan para sa inyo ang pagtanggi dito, dapat ninyong palaging kilalanin ang mga bagay ayon sa katotohanan. Huwag ninyong ituloy kung labag ito sa katotohanan.

Pag-aralan natin ang halimbawa ni Abraham. Tinalo ng apat na bansang magkakapanalig ang Sodom, at si Lot, na pamangkin ni Abraham, ay binihag. Sinundan at winasak sila ni Abraham, ibinalik niya ang lahat ng ari-arian at mga mamamayan, kabilang si Lot. Sinalubong siya ng hari ng Sodom, sinabi, "Ibigay mo sa akin ang mga tao at kunin mo ang mga ari-arian para sa iyong sarili." Pero hindi naakit si Abraham na maghangad ng para sa sarili, inisip niya kung ano ang luluwalhati sa Diyos.

Sa Genesis 14:22-23, sumagot siya sa hari, "Ako'y sumumpa sa PANGINOONG Diyos na Kataas-taasan, na lumikha ng langit at ng lupa, na hindi ako kukuha kahit isang sinulid, o isang panali ng sandalyas, o ng anumang para sa iyo, baka iyong sabihin, 'Pinayaman ko si Abraham.'" Gusto niyang mapunta sa Diyos ang lahat ng luwalhati. Natakot siya na baka sabihin ng mga tao na yumaman siya dahil sa hari kung tatanggapin niya ang alok. Kaya, wala siyang tinanggap na kahit anong bagay.

Nang mamatay ang asawa niyang si Sarah, bumili siya ng lugar na mapaglilibingan nito. Kahit sinabi sa kanya na ibibigay ang lupa nang walang bayad, binayaran pa rin niya ito nang buo para hindi na magkaroon pa ng problema (Genesis 23). Dahil sa perpekto at matuwid na puso niya, binigyan siya ng Diyos ng pagpapalang materyal at pinagpala siyang maging ama ng pananampalataya,

Sinasabi ng mga makamundo na magdurusa tayo sa kawalan kung mabait at matapat tayo. Gayon pa man, buhay ang Diyos na Pinakamakapangyarihan. Kung lalakad tayo sa tamang daan at magbibigay sa Kanya ng kaluguran, dadalhin Niya tayo sa kasaganahan, ibibigay Niya ang mga kasagutan. Pwede na nating gibain ang kampo ni Satanas at ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos kahit saan tayo pumunta.

Ipinagbili si Jose bilang alipin, ikinulong dahil sa maling bintang, pero ganito ang naisulat: "...Kasama niya ang Diyos; kung ano mang gawin niya, pinapaunlad ng Diyos." Lumakad siya sa tamang daan pero parang lagi siyang humaharap sa walang hintong pagdurusa. Pero, naging daan ito para maging pangalawang pinuno siya ng Ehipto, kasunod ni Faraon; iniligtas niya ang mga magulang, mga kapatid, at 70 iba pa at ang mga pamilya nito; at naitatag ang pundasyon ng Israel.

Kaya hindi mahalaga kung nasaan man kayo, anong nangyayari sa inyo, o anong posisyon ninyo sa kasalukuyan. Ang mahalaga ay kung lumalakad kayo sa tamang lugar o hindi. Kapag lalakad kayo sa tamang daan, sasamahan kayo ng Diyos. Patungo kayo sa pag-unlad at pagpapala kahit lumalakad pa kayo sa libis ng lilim ng kamatayan sa ngayon.

Sinasabi sa Mga Awit 119:105, "Ilawan sa aking mga paa ang salita Mo, at liwanag sa landas ko." Pagsikapan nating magkaroon ng matuwid na kalooban ayon sa Salita, lumakad sa tamang daan, tamasahin ang kapayapaan at mga pagpapalang mula sa Diyos sa lahat ng panahon.

# "Pinalaya ako ng ebanghelyo ng kabanalan mula sa pagiging sugapa sa paglalaro sa internet"

Kapatid Toshishiro Taguchi, 31 taong gulang, Osaka Manmin Church, Japan



Nagsimula akong maglaro sa computer sa bahay namin noong nasa unang baitang pa lang ako. Napakasaya ng laro kaya nagmamadali akong maka-uwi mula sa eskwelahan para makapaglaro. Nakahiligan ko ito kaya nalulong na ako sa paglalaro sa edad na 19.

Samantala, hindi na kami gaanong nag-uusap ng pamilya ko, wala na akong pagpipigil sa mga salita ko, at madalas akong nakikipagtalo sa mga magulang ko. Noong 20 taong gulang ako, nakakuha ako ng trabaho. Pero pagkatapos ng tatlong buwan, nagbitiw ako dahil wala akong ideya kung paano makisama sa ibang tao. Mas lalo akong nahilig sa paglalaro sa halip na humanap ng bagong trabaho.

Gumawa ako ng mga paraan para maka-ipon ng magagandang gamit sa paglalaro at madalas kong pinapataas ang antas ng kahusayan ko. Buong araw akong naglalaro, noong minsan, naglaro ako sa loob ng 40 oras nang walang tulugan.

Noong Marso 2006, pinayuhan ako ng tatay ko na magsimba, sinunod ko siya. Pero naglaro pa rin ako kahit nasa simbahan. Madalas akong nahuhuli ng dating sa pagsamba, at kung minsan, lumiliban ako. Nagkaroon ulit ako ng trabaho, magmula noon, isang buwan akong hindi nakapagsimba. At hindi nagtagal, nilayasan ko ulit ang trabaho ko.

Noong Enero 2012, nabalitaan ko ang tungkol kay Dr. Jaerock Lee mula sa isang kapatid sa iglesya. Inirekomenda niya sa akin ang mga mensahe ni Dr. Lee, sinabi niya na naging malaking biyaya ito sa kanya.

Nagsimula akong makinig sa mga mensahe ni Dr. Lee sa www.manmin.org. Naantig ang damdamin ko sa malinaw na pagpapaliwanag niya ng malalalim na mensahe sa Biblia – 'Ito ang tunay na pagpapaliwanag sa Biblia!' Higit sa isang sermon ang pinakinggan ko bawat araw, at nanalangin ako para magbago. Gusto kong isulong ang buhay ko bilang mananampalataya sa iglesyang ipinapangaral ang ebanghelyo ng kabanalan.

Noong Nobyembre 2012, sa wakas ay nagpunta ako sa Osaka Manmin Church. Limang oras ang biyahe papunta sa Osaka mula sa Matsuyama sa Ehime Prefecture kung saan ako naninirahan. Mainit ang pagtanggap sa akin ni Pastor Channgmi Lee, na siyang nagpapastor sa iglesya, at ng mga miyembro.



Masigasig ang hangarin kong baguhin ang buhay ko ayon sa Salita ng Diyos. Iniwan ko sa bahay ang mga gamit ko sa paglalaro. Nagsulong na ako ng masayang buhay sa Panginoon, kahit walang tv, gamit sa paglalaro, at internet.

Habang pinapanatili kong banal ang araw ng Panginoon at nananalangin sa pulong-panalanging Daniel, pinagpapala ako ng Diyos. Pagkaraan ng isang buwan, umupa ako ng bahay malapit sa iglesya. Nakakuha ako ng trabaho na may kinalaman sa computer pagkatapos ng tatlong buwan. Kung tutuusin, mahirap para sa akin na makuha sa trabaho dahil 20 taon akong hindi nagtrabaho, mula noong 20 taong gulang ako. Gayon pa man, binuksan ng Diyos ang daluyan ng pagpapala para sa akin dahil nagsikap akong isabuhay ang Salita Niya.

Naranasan ko rin ang paggaling. Magmula noong high school, nanunuyo ang mga kamay ko tuwing tag-lamig (litrato sa ibaba). At mas malala pa, namamaga ang mga daliri ko at namumutok kapag itinitiklop o binabaluktot. Masakit ito kahit haplusin lang.

Ginawa ko na ang lahat para gumaling ang mga kamay ko. Sinubukan kong bawasan ang pagkain at mga ehersisyo, pero walang pagbabago. Gayon pa man, magmula ng pag-aralan ko ang ebanghelyo ng kabanalan at mamuhay ng masigasig na buhay ng isang Cristiano, gumaling ang mga kamay ko.

Umaapaw ang kaligayahan ko kapag nakakatugtog ng gitara ang mga kamay kong hinaplos at pinagaling ng Diyos. Nagpupuri ako kasama ng mga miyembro. Naglilingkod ako bilang guro sa paaralang pang-Linggo ng mga estudyante. Inihahatid ko ang pag-ibig ng Diyos at nagpapatotoo tungkol sa mga naging karanasan ko, umaasang hindi maranasan ng mga estudyante ang naranasan kong pasakit. Higit sa lahat, masayang-masaya ang mga magulang ko na makitang nagbago na ako. Ipinagmamalaki nila ako dahil masipag ako sa trabaho at nagsusulong ng malusog na buhay. Madalas silang bumisita sa Osaka para makita ako.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na nagbigay sa akin ng pagpapala para magkaroon ng malusog at masayang buhay sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan.

# "Dahil sa panalangin, nagbuntis ako kahit barado ang 'fallopian tubes'!"

Noong Agosto 2011, nagbuntis ako pagkatapos ng dalawang taong pag-aasawa. Pero nakunan ako pagkatapos ng isang buwan. Sinabi sa ospital na mahinang uterus ang dahilan nito. Nahirapan ako dahil naubos ang lakas ko at naging anemic dahil sa nangyari.

Noong Oktubre 2011, ibinalita sa akin ni Diakonesa Keumsuk Mang ang tungkol sa Manmin Central Church. Sinabi niya, "Maraming tao ang pinagpala na magbuntis at maging malusog dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee."

Sa unang pagbisita namin sa iglesya, naging mapayapa ang pakiramdam ko, nagkaroon ako ng kaligayahan sa buhay bilang isang Cristiano. Lumago ang pananampalataya ko nang makita at marinig ang mga pagpapatunay tungkol sa buhay na Diyos bawat linggo. Wala na akong nararamdamang epekto noong nakaraang pangyayari sa katawan ko. Nakatiyak ako na bibiyayaan ako ng pagbubuntis.

Noong Oktubre 2013, iminungkahi ng asawa ko na magpasuri ako sa malaking ospital. Hindi pa siya nagsisimba noon. Nagpunta kami sa malaking ospital sa Gangnam. Nakita sa resulta ng pagsusuri na hindi ang asawa ko ang may problema. May nakabara sa magkabilang 'fallopian tubes' ko kaya imposible kaming magka-anak sa natural na paraan. Binanggit ng doktor ang tungkol sa 'test tube baby', at nakipagkasundo o pumayag ang asawa ko sa pamamaraang ito. Itinakda sa huling araw ng Oktubre ang operasyon.

Dahil hindi ito ang gusto kong mangyari, mas nagsikap akong tanggapin ang pagpapala ng Diyos na pagbubuntis. Noong Oktubre 13, 2013, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Pagkalipas ng dalawang linggo, may naramdaman ako sa katawan ko, nagpasuri ako sa ospital, kinakabahan. Nakakatiyak akong buntis na ako! Ang 'fallopian tubes' ko ay barado, hindi ako magkakaroon ng sanggol sa natural na paraan, pumayag ang asawa ko sa pamamaraang 'test tube baby'. Pero tinupad ng Diyos ang minimithi ng puso ko! Nakakaantig ng damdamin! Noong Hulyo 10, 2014, ipinanganak ko ang isang malusog na sanggol na lalaki na may timbang na 3.6 kg. Hallelujah!



Diakonesa Hongmae Lee, 32 taong gulang, Parokyang Tsino

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714